Filipino

Electoral Commission
SOUTH AUSTRALIA

Magpatala at bumoto sa

# 2026 Halalang Pang-estado

## Tungkol sa halalang pang-estado

Ang halalang pang-estado ay ang paraan kung paano pinipili ng mga tao sa South Australia kung sino ang magiging miyembro ng Parlamento ng South Australia. Ito ay nagaganap tuwing ika-apat na taon sa ikatlong Sabado ng Marso.

## Paano ako magpapatala para bumoto?

Kapag nagpatala ka, ilalagay namin ang iyong pangalan sa talaan ng mga taong maaaring bumoto. Kapag bumuboto ka, pinipili mo kung sino ang magiging bahagi ng parlamento.

Madali lang ang magpatala o mag-update ng iyong mga detalye. Bisitahin ang aming website sa: ecsa.sa.gov.au
Tumawag nang libre sa: 1300 655 232

**Ikaw ay kinakailangang magpatala para bumoto kung ikaw ay:**

- **Nakatira sa South Australia nang hindi bababa sa isang buwan**
- **May edad na mahigit sa 18 taong gulang**
- **Isang mamamayang Australyano**

Ang pagpaparehistro ay valid para sa lahat ng halalang pang-estado, pederal, at lokal.
Tandaan na i-update ang iyong mga detalye kung lilipat ka ng tirahan o magpapalit ng pangalan.

## Paano ako boboto sa isang lugar ng botohan (polling booth)?

Mayroon kang ilang opsyon para maginhawang makaboto kung nais mo. Kabilang dito ang pagboto sa araw ng halalan o maagang pagboto sa early voting centre, o pag-aaplay na bumoto sa pamamagitan ng koreo. Ang pinakamadaling paraan para bumoto sa araw ng halalan ay sa isang polling booth na malapit sa iyong tirahan.

Kung ikaw ay may limitasyon sa paggalaw o kapansanan, o nag-aalaga sa isang taong may ganitong kalagayan, maaari mong tingnan ang mga detalye tungkol sa pagpunta sa mga lugar ng botohan sa ecsa.sa.gov.au.

Bago ang araw ng halalan, padadalhan ka ng sulat ng Electoral Commission of South Australia na may kalakip na impormasyon tungkol sa pinakamalapit na mga lugar ng botohan.

Makakatanggap ka ng EasyVote Card na dadalhin mo sa pagboto. Maaari mo ring makita ang impormasyon tungkol sa mga lugar ng botohan sa ecsa.sa.gov.au.

**Oras ng pagbubukas ng mga lugar ng botohan:**
**8:00 a.m. – 6:00 p.m. sa araw ng halalan.**

**1. Kapag bumisita ka sa isang lugar ng botohan, tatanungin ang iyong pangalan, tirahan, at kung *"Dati ka na bang bumoto sa halalang ito?"*.**


Para mas madali at mas mabilis ang iyong pagkakakilanlan, maaari mong dalhin ang iyong EasyVote Card o ibang dokumento na may pangalan at tirahan mo.

**2. Hahanapin ang iyong pangalan sa talaan ng mga botante at bibigyan ka ng dalawang balota: isa para sa House of Assembly (berde) at isa para sa Legislative Council (puti).**


**3. Dalhin ang mga balota sa espasyo ng pagboto kung saan maaari mong punan ang balota ng iyong boto nang pribado.**

Ang iyong boto ay lihim. Ngunit kung kailangan mo ng tulong, maaari kang humingi ng tulong sa isang kawani ng Halalan.

**4. Kapag napunan mo na ang iyong mga balota, ilagay ang mga ito sa mga kahon ng balota.**



# Paano pupunan ang mga balota


South Australia

Issuing Officer Initials

**Ballot Paper**

Election of one Member for the House of Assembly

**DISTRICT**

**Number the squares from 1 to 4 in the order of your choice.**

You are not legally obliged to mark the ballot paper.

| | | |
|---|---|---|
| ☐ | CANDIDATE Name | Political Party or Independent |
| ☐ | CANDIDATE Name | Political Party or Independent |
| ☐ | CANDIDATE Name | Political Party or Independent |
| ☐ | CANDIDATE Name | Political Party or Independent |

After voting, fold the ballot paper and place it in the ballot box or declaration envelope

## Bibigyan ka ng dalawang balota:

## 1. Balota para sa House of Assembly

Sa berdeng balota ng House of Assembly, kailangan mong lagyan ng numero ang bawat kahon ng sunud-sunod na numero sa anumang pagkakasunod-sunod na pipiliin mo.

1. **Isulat ang numerong '1' sa loob ng kahon sa tabi ng kandidato na pinakauna sa iyong pinili.**
2. **Isulat ang numerong '2' sa tabi ng kandidato na pangalawa sa iyong pinili.**
3. **Isulat ang numerong '3' sa tabi kandidato na pangatlo sa iyong pinili.**

**...at iba pa hanggang sa malagyan mo ng numero ang bawat kahon.**

Kung nagkamali ka, huwag mag-alala. Guhitan ng linya ang maling naisulat at isulat ang tamang impormasyon sa tabi nito, o kaya naman ay humingi ka sa isang electoral officer ng kapalit na balota.

**Kung nagkamali ka, laging humingi ng tulong sa isang kawani**

# 2. Balota para sa Legislative Council

Mayroong 2 paraan ng pagboto – sa itaas ng linyang makapal (bold line) o sa ibaba ng linya – ***ngunit hindi sa pareho.***

## Bumoto sa itaas ng makapal (bold) na linya:

Kung pinili mong bumoto sa itaas ng makapal na linya:

1. **Isulat ang numerong '1' sa kahon sa tabi ng partido o grupo ng mga kandidato na pinakauna sa iyong pinili.**
2. **Isulat ang numerong '2' sa tabi ng pangalawa sa iyong pinili,** at iba pa para sa lahat ng partido o grupo ng mga kandidato na gusto mong lagyan ng numero.

Hindi mo kailangang lagyan ng numero ang bawat kahon. Iwanang blangko ang natitirang bahagi ng balota. Huwag lagyan ng marka ang ibaba ng makapal na linya.

Sa pamamagitan ng pagboto sa itaas ng makapal na linya, ang iyong boto ay mapupunta sa mga kandidato sa grupong (o mga grupong) pinili mo.

South Australia, 2026 Election

**Ballot Paper for the Election of 11 Legislative Councillors**

You may vote in one of two ways. You are not legally obliged to mark the ballot paper.

**If you vote ABOVE the line**

If you vote above the line write the number 1 in the square next to the group of your choice. You can show more choices if you want to by writing numbers in other squares starting with the number 2.
Do not write any numbers below the line.

| A | B | C | D | E |
|---|---|---|---|---|
| ☐ Environment First Party | ☐ Shine Australia | ☐ The People's Party | ☐ Farmer's Alliance | ☐ Southern Cross Party |

**OR**

**If you vote BELOW the line**

If you vote below the line write the numbers 1 to 12 in the squares next to the names of the candidates in the order of your choice. You can show more choices if you want to by continuing to write numbers in more squares. You don't need to write a number in every square.
Do not write any numbers above the line.

| A | B | C | D | E |
|---|---|---|---|---|
| ☐ Lauren Hall | ☐ Finn Robinson | ☐ Anita Holland | ☐ Winston Barker | ☐ Naomi Lee |
| ☐ Tony Matic | ☐ Latika Fischer | ☐ Joshua McCall | ☐ Nina Harris | ☐ Felix Barker |
| ☐ Jane Nguyen | ☐ Andy McMahon | ☐ Imane Caskey | ☐ John Thompson | ☐ Jennie Rodriguez |
| ☐ Oliver Bloom | ☐ Helen Park | ☐ Ahren Patel | ☐ Rachel McKinnon | ☐ Rory Lane |
| ☐ Sasha Crown | ☐ James Ludwig | ☐ Vanessa Hollow | ☐ Jeremy Choi | ☐ Katrina Sebastian |
| ☐ Travis Alves | ☐ Ophelia Knight | ☐ Porter Smith | ☐ Courtney Wilson | ☐ Noah Stringer |

Issuing Officer Initials

After voting, fold the ballot paper and place it in the ballot box or in the envelope provided.


## Bumoto sa ibaba ng makapal (bold) na linya:

Kung pipiliin mong bumoto sa ibaba ng makapal na linya:

1. **Isulat ang numerong '1' sa kahon sa tabi ng kandidato na pinakauna sa iyong pinili.**
2. **Isulat ang numerong '2' sa kahon sa tabi ng kandidato na pangalawa sa iyong pinili,**
3. **Isulat ang mga numerong 3, 4, 5, 6 sa kahon sa tabi ng iba pang mga kandidato na iyong pipiliin hanggang sa makapili ka ng hindi bababa sa *12 kandidato*.**

Maaari mong piliing lagyan ng numero ang mahigit sa 12 kandidato.

# Ano ang mangyayari kung hindi ako makapunta sa lugar ng botohan?



Kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan, o kung nasa labas ka ng estado, mayroon pang ibang mga paraan para bumoto.

## Pagboto sa pamamagitan ng koreo

Maaari mong hilingin na ipadala sa iyo ang mga balota sa pamamagitan ng pagsagot sa Postal Vote Application Form. Ito ay magiging available **mga anim na linggo** bago ang halalan.

**Bisitahin ang aming website sa ecsa.sa.gov.au**

**Tumawag nang libre sa: 1300 655 232**

Ipoproseso ng Electoral Commission of South Australia ang iyong aplikasyon at sisimulang ipadala ang mga balota mga dalawang linggo bago ang pagboto.

**Para sa mga nasa labas ng South Australia:** ang huling araw para humiling ng postal vote ay 8 araw bago ang araw ng halalan.

**Para sa mga nasa loob ng South Australia:** ang huling araw para humiling ng postal vote ay 4 na araw bago ang araw ng halalan.

Kapag natanggap mo na ang iyong mga balota, punan at ibalik ang mga ito sa pamamagitan ng koreo sa lalong madaling panahon.

Bibisita ang mga tauhan ng botohan sa ilang ospital at nursing homes bago at sa araw ng botohan.

## Pagboto kung nasa ibang estado.

Magkakaroon ng mga maagang sentro ng botohan (early voting centres) sa bawat kabiserang lungsod sa Australya. Tumawag sa amin o bisitahin ang aming website upang makita ang mga lokasyon ng mga maagang sentro ng botohan.

**Bisitahin ang aming website sa ecsa.sa.gov.au**

**Tumawag nang libre sa: 1300 655 232**

## Pagboto sa pamamagitan ng telepono para sa mga may mahinang paningin at may kapansanan sa paggalaw.

Ang Tulong sa Pagboto sa pamamagitan ng Telepono (Telephone Voting Assistance) ay mayroon na rin para sa mga may kapansanan sa paggalaw, o sa mga botanteng bulag o may mahinang paningin.

**Kailangan mo ba ng tagasalinwika (interpreter)?**
Kung kailangan mo ng tagasalinwika, tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa 131 450 at humiling na maikonekta sa Electoral Commission of South Australia sa 1300 655 232.

**Oras ng Pagbubukas: Lunes–Biyernes | 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.**



**MAHALAGA – ANG PAGBOTO AY SAPILITAN. MAAARI KANG PAGMULTAHAN KUNG HINDI KA BOBOTO.**

**Makipag-ugnayan sa ECSA sa 1300 655 232 kung hindi ka makakaboto.**